
UK Health Security Agency

NHS



## Ano ang aasahan pagkatapos maturukan ang inyong anak ng

# Bakuna Laban sa COVID-19



**Isang gabay para sa mga magulang ng batang nasa edad na 5 hanggang 11 taong gulang**

**Alamin ang higit pa sa nhs/CovidVaccine**



## Nag-aalok ang NHS ng bakuna laban sa COVID-19 sa lahat ng karapat-dapat na bata.

Nakasaad sa polyetong ito kung ano ang aasahan pagkatapos mabakunahan ang inyong anak.

## Mga side effect

Tulad ng lahat ng gamot, maaaring magdulot ng mga side effect ang mga bakuna. Ang karamihan sa kanila ay banayad at panandalian at hindi lahat ng bata ay nagkakaroon nito. Dapat tumagal lang nang isa o dalawang araw ang pinakakaraniwang mga side effect. May posibilidad na magdulot ng mas maraming side effect ang bakuna ng Pfizer pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakuna.

Kasama sa mga pinakakaraniwang side effect sa una o ikalawang araw ang:

- pagkakaroon ng mabigat at masakit na pakiramdam sa braso kung saan sila tinurukan
- pakiramdam ng pagkapagod
- pananakit ng ulo, pananakit ng katawan at giniginaw

Maaaring magkaroon din sila ng mga sintomas na tulad ng sa trangkaso na may mga sandaling nangangatal at nanginginig nang isa o dalawang araw. Gayunpaman, maaari ding mangahulugan ang mataas na temperatura na mayroon silang COVID-19 o iba pang sakit.

Dapat silang magpahinga. Maaari ninyo silang bigyan ng paracetamol upang matulungan silang bumuti ang pakiramdam. Pakitiyak na tama para sa kanilang edad ang dosis at uri ng paracetamol.

Makikita ang higit pang impormasyon sa paracetamol dito www.nhs.uk/medicines/paracetamol-for-children.

Isang hindi karaniwang side effect ay ang pagkakaroon ng mga namamagang glandula sa kili-kili o leeg sa parehong banda ng braso kung saan sila tinurukan. Maaari itong magtagal nang humigit-kumulang 10 araw, pero kung tumagal pa ito, magpatingin sa inyong doktor.

## Ano ang dapat gawin kung nag-aalala kayo sa mga sintomas

Kadalasang tumatagal nang wala pang isang linggo ang mga sintomas na ito. Kung tila lumalala ang mga sintomas nila, o kung nag-aalala kayo, maaari kayong tumawag sa NHS 111. Kung humingi kayo ng payo mula sa isang doktor o nars, siguruhing sabihin sa kanila ang tungkol sa kanilang pagbabakuna (ipakita sa kanila ang vaccination card) upang masuri nila nang tama ang inyong anak.

Maaari din ninyong iulat ang mga pinaghihinalaang side effect ng mga bakuna at gamot online sa pamamagitan ng Yellow Card scheme o pag-download ng Yellow Card app.

**coronavirus-yellowcard.mhra.gov.uk**

## May iba pa bang mas malubhang mga side effect?

Kamakailan, may napakadalang na naiuulat na mga kaso ng pamamaga ng puso (tinatawag na myocarditis o pericarditis) pagkatapos mabakunahan laban sa COVID-19.

Karaniwang nakikita ang mga kasong ito sa mga mas batang lalaki sa loob ng ilang araw pagkatapos mabakunahan. Ang karamihan sa mga taong ito ay gumaling kaagad at bumuti ang pakiramdam pagkatapos magpahinga at sundin ang mga simpleng paggamot.

Dapat kayong humingi ng payong medikal kaagad kung makaranas ang inyong anak ng:

- pananakit ng dibdib
- pangangapos ng hininga
- mabilis na pagtibok, sumisikdo, o dumadagundong na puso

## Maaari bang makakuha ng COVID-19 ang inyong anak mula sa bakuna?


Hindi makakakuha ng COVID-19 ang inyong anak mula sa bakuna ngunit posibleng makakakuha ng COVID-19 at hindi malaman na may mga sintomas sila hanggang sa pagkatapos ng kanilang appointment sa pagbabakuna.

Ang pinakamahalagang mga sintomas ng COVID-19 ay ang kamakailang pagkakaroon ng alinman sa mga sumusunod:

- isang bagong tuloy-tuloy na ubo
- isang mataas na lagnat
- pagkawala o pagbabago sa kanilang normal na panlasa o pang-amoy (anosmia)

Bagaman maaaring magkaroon ng lagnat sa loob ng isa o dalawang araw ng pagbabakuna, kung may anumang iba pang sintomas ng COVID-19 ang inyong anak o tumagal pa ang kanilang lagnat, manatili sa bahay at magsaayos na magpatest.

# Ano ang susunod na dapat gawin




Pagkatapos ng pagbabakuna ng inyong anak, dapat kayong bigyan ng record card. Kung kailangan ng inyong anak ng pangalawang dosis, ang kanilang susunod na appointment ay pagkalipas ng humigit-kumulang 8 hanggang 12 linggo. Bibigyan sila ng pangalawang dosis ng mas matagal na proteksyon.

**Itabi nang maayos ang record card ng inyong anak. Kung kailangan ng inyong anak ng pangalawang dosis, huwag kalimutang pumunta sa inyong susunod na appointment.**

# Kapag hindi mabuti ang pakiramdam ng inyong anak para sa appointment

Kung hindi maganda ang pakiramdam ng inyong anak, maiging maghintay hanggang gumaling na sila bago pabakunahan.

Hindi dapat dumalo sa appointment sa pagbabakuna ang inyong anak kung sila ay nagbubukod ng sarili o naghihintay na matest para sa COVID-19. Pinakamainam na maghintay ng 12 linggo pagkatapos magpositibo ang inyong anak sa COVID-19 test o hindi bababa sa 4 na linggo kung nasa mas mataas na panganib ang inyong anak.

# Mapoprotektahan ba ng bakuna ang inyong anak?

Ang bakuna laban sa COVID-19 na ibinigay sa inyong anak ay nagpapakitang nakakabawas sa tsansang magdusa sila mula sa sakit na COVID-19.

Milyon-milyong dosis ng bakuna ang naibigay na sa buong mundo. Labis na epektibo ang bakuna sa mga kabataan.

Maaaring abutin nang ilang linggo bago magbuo ng proteksyon ang katawan ng inyong anak mula sa bakuna. Tulad ng lahat ng gamot, walang bakuna ang ganap na epektibo, kaya dapat patuloy ninyong sundin ang mga inirerekumendang pag-iingat upang maiwasang mahawa ang inyong anak.

Maaaring magkasakit pa rin ng COVID-19 ang ilang bata kahit na may bakuna, ngunit hindi ito dapat ganoon kalubha.

## Ang maaaring gawin ng inyong anak pagkatapos mabakunahan

Hindi makakapagbigay ang bakuna ng sakit na COVID-19 sa inyong anak, at mababawasan nito ang tsansa na magkasakit.

Mahalaga pa rin na patuloy na sumunod sa kasalukuyang pambansang patnubay. Maaaring patuloy na pumasok sa paaralan ang inyong anak, pagkatapos nilang mabakunahan.

Upang maprotektahan ang inyong sarili at pamilya, mga kaibigan at kasamahan, dapat pa rin kayong:

- magpanatili ng distansya sa kapwa
- magsuot ng face mask kung saan ipinapayong magsuot nito
- maghugas ng inyong mga kamay nang mabuti at madalas
- magbukas ng mga bintana para mapapasok ang sariwang hangin
- sumunod sa kasalukuyang patnubay (gov.uk/coronavirus)





## Paano kumakalat ang COVID-19

Ang COVID-19 ay kumakalat sa pamamagitan ng mga patak ng hininga mula sa bibig o ilong, lalo na kapag nagsasalita o umuubo. Maaari din itong makuha kapag hinawakan ninyo ang inyong mga mata, ilong at bibig pagkatapos humawak sa mga nakontaminang bagay at ibabaw.

## Higit na impormasyon

Pakibasa ang polyeto ng impormasyon tungkol sa produkto para sa higit na detalye sa bakuna, kasama ang mga maaaring side effect, sa Coronavirus Yellow Card website.

Maaari din ninyong iulat ang mga pinaghihinalaang side effect sa parehong website o sa pamamagitan ng pagdownload ng Yellow Card app. Mababasa ang higit na impormasyon mula sa www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/coronavirus-vaccination.





© Crown copyright 2022. V1 1p 500K JAN 2022 (APS)
UK Health Security Agency gateway number: 20211192.
Product code: C22W511TG Tagalog.

This leaflet is also available as an Easy Read version, braille, large print, and in Albanian, Arabic, Bengali, Bulgarian, Chinese, Estonian, Greek, Gujarati, Hindi, Panjabi, Latvian, Lithuanian, Polish, Portuguese Brazilian, Romany, Romanian, Russian, Somali, Spanish, Turkish, Twi, Ukrainian and Urdu paper copies.

Upang umorder ng marami pang kopya ng polyetong ito, bumisita sa www.healthpublications.gov.uk o sa telepono: 0300 123 1002 (8am hanggang 6pm, Lunes hanggang Biyernes).